# Patakaran ng Kumpanya

# THIRD PARTY CODE OF CONDUCT

| | |
|---|---|
| **Ipinatutupad simula:** | **<20.03.2025>** |
| **Susunod na pagsusuri:** | **<20.03.2028>** |
| **May-ari ng Patakaran:** | **<Ethics and Compliance>** |

## Layunin at Saklaw

### Layunin

Sa Reckitt, naniniwala kami na ang partnership ay isang magandang paraan para makahanap ng mga solusyon: Kaya naman nilalayon naming bumuo ng mga pinagkakatiwalaang relasyon sa aming mga Third Party. Ang aming Third Party Code of Conduct (ang "Code") ay naghahangad na ibigay sa mga Third Party ("ikaw") ang aming pinakamatataas na inaasahan hinggil sa pag-uugaling nakaayon sa batas at etikal na pag-aasal.

### Saklaw


Ang Code ay naaangkop sa lahat ng Third Party na nagtatrabaho kasama at sa ngalan ng Reckitt. Kabilang dito ang lahat ng upstream at downstream na kasosyo sa negosyo ng Reckitt, gaya ng: mga vendor, ahente, supplier, distributor, customer, joint venture partner at kasosyo sa pananaliksik, kasama na ang mga entity na na-hire ng alinman sa mga nabanggit na Third Party sa ngalan ng Reckitt (na tinutukoy bilang mga sub-contractor). Dapat tiyakin ng mga Third Party na ang mga sub-contractor ay sumusunod sa Code.

Bagama't itinakda ng ating Code ang ating mga inaasahan tungkol sa pag-uugali ng ating mga kasosyo sa negosyo, dapat kilalanin ng mga Third Party na tayo ay nagpapatakbo sa isang kumplikadong kapaligiran, na may mga legal na kinakailangan na nag-iiba depende sa kung saan tayo nagnenegosyo. Responsibilidad mong sumunod sa mga batas na naaangkop sa iyo.

## Pahayag ng Patakaran

Sa Reckitt, umiiral kami upang magbigay ng proteksyon, pagpapagaling, at pangangalaga sa walang humpay na paghahangad ng isang mas malinis, mas malusog na mundo.

Ang aming tagumpay ay naitaguyod sa pamamagitan ng aming hindi matatawarang paninindigan sa Palaging Paggawa ng Tama. Inaasahan namin na ang aming mga Third Party ay magnenegosyo na may pinakamataas na pamantayan at yakapin ang aming mga pagpapahalaga upang:




- unahin ang mga mamimili at tao;
- maghanap ng mga bagong pagkakataon;
- magsikap para sa kahusayan at
- magbahagi ng tagumpay sa lahat.

Ang Code na ito ay nagsisilbing gabay upang gamitin ang ating mga pagpapahalaga sa pang-araw-araw na pag-uugali at kumilos nang ayon sa batas at may integridad. Inaasahan naming may naihanda kang mga patakaran at proseso bilang pagsunod sa aming Code at sa mga batas na sumasaklaw sa aming organisasyon. Sa aming parte - may sinusunod kaming diskarteng nakabatay sa peligro upang gawan ng ebalwasyon ang mga Third Party bago makipagnegosyo sa kanila: bilang bahagi ng prosesong ito, sini-screen namin ang aming mga Third Party at tinatasa kung kailangang magpatupad ng anumang aksiyong makababawas ng peligro upang makipagnegosyo sa kanila. Kapag nangyari ito, inaasahan naming tutuparin ng aming mga kasosyo sa negosyo ang mga kinakailangang aksiyong makababawas ng peligro.

Sineseryoso namin ang mga insidente ng maling paggawa o di-wastong pagkilos. Sakaling may mapag-alaman o pinaghihinalaan kang hindi pagsunod sa Code na ito o sa alinmang angkop na Mga Patakaran at Batas na nagpapataw ng regulasyon sa aming organisasyon, may tungkulin kang iulat ang mga ito alinsunod sa mga proseso ng escalation na nakatakda sa loob ng Code na ito o sa pamamagitan ng aming Speak Up Service (na nagbibigay-daan upang manatili kang kumpidensiyal, at hindi nakikilala, kung pipiliin mo). Ang hindi pagsunod ay maaaring magresulta sa pagwawakas ng aming mga relasyon sa negosyo sa iyo, sa paglilitis o sa anumang iba pang aksyon gaya ng pag-uulat ng usapin sa mga ahensya ng gobyerno o mga regulator kung naaangkop.

Inaasahan namin ang aming mga kasosyong Third Party na:

## Maghatid ng mga Produktong Ligtas, Sumusunod sa Regulasyon at De-kalidad

Nakatuon kami sa pagtiyak na mapagkakatiwalaan ng mga mamimili ang kaligtasan ng aming mga produkto. Responsibilidad mong tiyakin na ang mga produktong sinu-supply sa Reckitt ay nakatutugon sa mga detalye, kalidad, at pamantayan sa kaligtasan, mga lokal na pamantayan at ligtas para sa nilalayong paggamit sa mga ito. Hindi ka dapat gumawa ng mga pagbabago o modipikasyon sa mga produktong sinu-supply sa amin (kasama na rito ang pinagmumulan o ang katangian ng materyales na ginagamit sa proseso ng pagmamanupaktura, o mga pamamaraang may kinalaman sa pagbuo sa mga ito) nang wala ng aming pauna at nakasulat na pahintulot. Dapat mong iulat ang mga isyu sa kaligtasan at kalidad ng produkto sa Reckitt sa loob ng 24 na oras pagkatapos malaman ang mga ito.

Upang magarantiyahang nagsu-supply kami ng mga de-kalidad na produkto sa aming mga customer, hindi namin kinukunsinti ang pamemeke. Dapat ay mayroon kang sapat na mga kontrol sa lugar upang masubaybayan ang pamemeke at iba pang labag sa batas na aktibidad sa loob ng iyong organisasyon at sa iyong supply chain.

Kikilos ang Reckitt nang naaayon kung mapag-aalamang sangkot ang isang Third Party sa pagmamanupaktura, supply o distribusyon ng mga peke o hindi awtorisadong parallel import.

## Makipag-usap sa aming mga Consumer sa Paraang Responsable

Ang lahat ng aming marketing communications at aktibidad ay i) ginagabayan ng aming Mga Responsableng Prinsipyo sa Marketing at sumusunod sa aming Responsableng Patakaran sa Marketing; ii) tumutupad sa aming Infant & Child Nutrition Pledge at sa aming Patakaran sa Marketing ng Breast-Milk Substitutes; iii) sumusunod sa aming Patakaran sa mga Pakikipag-ugnayan sa Healthcare Professionals

(HCPs) at Healthcare Entities (HCEs); at iv) ginagabayan ng aming Mga Responsableng Prinsipyo sa Data ng Consumer kung may kasamang data ng consumer.

Kapag nagtatrabaho kaugnay ng marketing communications at mga aktibidad ng Reckitt, dapat mong unawain at sundin ang mga patakarang nabanggit, gamitin lang ang pinaka-updated na materyales kung mina-market ang aming mga produkto at huwag mag-promote kailanman ng paggamit na hindi nakalagay sa label o mga produktong hindi lisensiyado.

## Pahalagahan ang Pagiging Natatangi at Sadyaing Magsali

Kami ay nakatuon sa pagtanggap ng pagkakaiba-iba, pagtataguyod ng pagsasama sa aming mga manggagawa at pag-aalis ng labag sa batas na diskriminasyon. Hinihiling namin sa iyo na itaguyod ang mga pagpapahalagang ito at:

- Itrato ang iba nang may paggalang, upang makapagtaguyod ng ingklusibong kapaligiran kung saan walang lugar ang pananakot, pambu-bully, panggigipit at karahasan.
- Huwag kailanman makisali o sumuporta sa pananakot, panliligalig o diskriminasyon batay sa anumang mga protektadong katangian, kabilang ngunit hindi limitado sa edad, kapansanan o kondisyong medikal; kulay, etnisidad, lahi, pagkamamamayan, at bansang pinagmulan; relihiyon, pananampalataya; pagbubuntis, katayuan sa pamilya at mga responsibilidad sa pangangalaga; sekswal na oryentasyon; kasarian, pagkakakilanlang pangkasarian, pagpapahayag ng kasarian, at pagkakakilanlang transgender; protektadong katayuan ng beterano; laki o anumang iba pang batayan na protektado ng naaangkop na batas.

## Magbigay ng Ligtas at Malusog na Kondisyon sa Paggawa

Inaasahan kang maglaan ng ligtas at maayos na lugar para sa pagtatrabaho kasama na rito ang akses sa malinis, ligtas at makatwirang kondisyon sa trabaho, na nakatutugon kahit man lang sa pinakamababababang lokal na kinakailangan sa batas. Magsagawa ng makatwirang pangangalaga para sa kalusugan at kaligtasan ng iyong mga tauhan at ng iba pa na maaaring maapektuhan ng hindi ligtas na mga gawa o pagkukulang.

## Pangalagaan ang aming Pagmamay-ari at Kumpidensyal na Impormasyon

Sa panahon ng pagnenegosyo, maaari kang makakuha ng akses sa impormasyong pinagmamay-arian o kumpidensiyal na pag-aari namin o ng aming mga empleyado, consumer, customer, supplier o iba pa. Dapat mo lamang gamitin ang naturang impormasyon para sa mga layunin nito at bilang bahagi ng iyong mga tungkulin. Nangangahulugan ito na dapat mong:

- Palaging protektahan ang kumpidensyal na impormasyon at gamitin ang mga kontrol sa seguridad ng impormasyon na nakakatugon sa aming mga kinakailangan at sundin ang mga pananggalang sa pagiging kumpidensyal na nakabalangkas sa iyong kontrata sa amin.
- Hindi ibunyag ang kumpidensyal na impormasyon sa sinuman sa loob o labas ng Reckitt, maliban kung kinakailangan ng batas o para sa isang partikular at wastong layunin ng negosyo.
- Sumailalim sa mga pagtatasa ng seguridad at payagan kaming suriin ang mga pag-audit sa seguridad/ pagsusuri ng katiyakan.
- Mag-ingat upang maiwasan ang maling paggamit, pagnanakaw, pagkawala o hindi awtorisadong pagsisiwalat ng anumang kumpidensyal o pagmamay-ari na impormasyon. Dapat makuha ang nakasulat na pahintulot bago ibahagi ang nakasaad na impormasyon (maliban kung kinakailangan ng batas).

## Protektahan ang Personal na Data

Nakatuon kami sa pagprotekta sa personal na data ng aming mga consumer, empleyado at iba pang nakikipagnegosyo sa amin. Pinangangasiwaan namin ang personal na data nang may pag-iingat na tinitiyak na ito ay kinokolekta, ginagamit at iniimbak nang responsable. Inaasahan ka naming:

- Sumunod sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon sa proteksyon ng data.

- Sumunod sa proteksyon ng data at mga obligasyon sa cyber security na nakabalangkas sa iyong kontrata sa amin. Dapat mo ring tiyakin na ang anumang sub-contractor na kasama mo sa trabaho ay sumusunod sa parehong mga obligasyon.
- Abisuhan ang **Reckitt** sa insidente ng anumang paglabag sa data, reklamo, o kahilingan sa data, nang walang di-kinakailangang pagkaantala at hindi lalampas sa 24 na oras mula nang matukoy.

## Makipag-usap sa Paraang Responsable

Hindi ka dapat kumilos o magsalita sa ngalan namin o magpahayag ng mga pananaw na nauugnay sa Reckitt maliban kung pinahintulutan ka nang nakasulat na gawin ito. Ipinagpapalagay sa anumang nasabing awtorisasyon na magbibigay ka ng tumpak, malinaw, kumpleto, at pare-parehong impormasyong kailangan upang mapanatili ang tiwala ng stakeholder.

## Kumilos nang may Integridad

Ang suhol ay ang pag-aalok, pangako, pagbibigay, pagtanggap, pagsang-ayon na tumanggap o humiling ng isang pinansiyal o hindi pinansiyal na kalamangan o anumang bagay na may halaga (kabilang ang mga pagbabayad, regalo, mabuting pakikitungo, donasyon, kumpidensyal na impormasyon atbp):

- Upang himukin o gantimpalaan ang tatanggap o sinumang ibang tao para sa hindi wastong pagkilos sa pagganap ng kanilang mga tungkulin; o
- Kung saan ang pagtanggap sa bentahe ay maituturing mismo bilang di-wastong pagganap sa function ng recipient.

Mayroon kaming zero-tolerance para sa panunuhol at katiwalian at kasosyo lamang ang mga Third Party na kumikilos nang may integridad at sumusunod sa mga batas laban sa panunuhol. Hindi ka dapat kailanman mag-alok, mangako, magbigay, tumanggap, sumang-ayon na tumanggap o humiling ng suhol o anumang bagay na maaaring ituring bilang isang suhol alinman sa iyong sariling ngalan o sa ngalan ng Reckitt, direkta o hindi direkta, sa pamamagitan ng anumang ahente.

Pinagbabawalan ang mga tauhan ng Reckitt na magbigay at tumanggap ng mga regalo at hospitality na maaaring makaapekto sa mga desisyon sa negosyo/administratibo, at inaasahan din ang aming mga kasosyong Third Party na umiwas sa pag-aalok ng mga nasabing regalo at hospitality sa mga tauhan ng Reckitt.

Mag-ingat kapag nakikitungo sa mga taong nasa posisyon ng kapangyarihan, tulad ng mga Pampublikong Opisyal[1], at tiyaking lehitimo at etikal ang iyong mga kilos.

## Makipag-ugnayan sa Paraang Responsable sa Healthcare Professionals (HCPs) at Healthcare Entities (HCEs)

Ang mga pakikipag-ugnayan sa mga HCP at HCE na may kinalaman sa anumang paglipat ng halaga (hal., pagbabayad para sa serbisyo, mga sponsorship, grant o anumang iba pang palitan ng mga produkto o serbisyo) ay maaaring ituring bilang isang panghihikayat o isang suhol. Responsibilidad mong bawasan ang mga panganib na ito sa pamamagitan ng pagsunod sa mga nauugnay na patakaran ng Reckitt at sa naaangkop na lokal na regulasyon.

Ang pagbibigay ng mga regalo, hospitality, donasyon, sponsorship, grant, sample, o produkto para sa propesyonal na ebalwasyon sa HCPs at HCEs (kung pinahihintulutan) sa aming ngalan ay maaari lang masangkot kung dating kinontrata ng Reckitt sa ilalim ng mga angkop na patakaran, at dapat irekord, nang may patunay na ibibigay sa Reckitt kung hihilingin.

---

[1] Maaaring kabilang sa mga Pampublikong Opisyal, nang hindi kumpleto, ang sinumang opisyal, empleyado o kinatawan ng isang gobyerno o isang entity na pag-aari ng gobyerno; sinumang opisyal ng pambatasan, administratibo o hudisyal; sinumang opisyal ng, o indibidwal na may hawak na posisyon sa, isang partidong pampulitika; sinumang kandidato para sa pampulitikang katungkulan; sinumang tao na nagsasagawa ng pampublikong tungkulin para sa o sa ngalan ng alinmang bansa. Kung nagdududa ka kung Pampublikong Opisyal ang isang tao, makipag-ugnayan sa Ethics & Compliance.

## Ibunyag ang Mga Salungatan ng Interes

Dapat mong tukuyin ang anumang mga sitwasyon na maaaring makagambala sa iyong kakayahang kumilos nang may layunin at gampanan ang iyong trabaho para sa Reckitt nang walang kinikilingan. Itinuturing namin ang mga sitwasyong ito bilang 'mga hindi pagkakatugma ng interes': Dapat mong iulat ang mga ito sa Reckitt para sa pagsusuri sa sandaling lumitaw ang mga ito, at bago gumawa ng anumang asal na maaaring lumabag sa iyong mga tungkulin sa Reckitt.

## Pagkilos nang may Integridad at Paglaban sa mga Krimen sa Ekonomiya, Tax Evasion at Money Laundering

Ganap kaming naninindigang pigilan ang mga krimen sa ekonomiya, kasama na rito ang money laundering[2], pagpapadali ng tax evasion[3] at pagpopondo sa terorista[4]. Nagsasagawa lang kami ng negosyo kasama ang mga third party na kasangkot sa lehitimong aktibidad ng negosyo, na ang mga pondo ay hindi nakukuha o ipinadala sa mga hindi lehitimong mapagkukunan o nagreresulta mula sa pag-iwas sa buwis. Hindi ka dapat magbigay ng anumang serbisyo o pumasok sa anumang transaksyon na nagpapadali o magsasangkot sa amin sa mga krimen sa ekonomiya.

## Magsagawa ng Patas na Kompetisyon

Ang iyong mga aktibidad sa negosyo ay dapat isagawa nang ganap na sumusunod sa patas na kompetisyon at sa mga batas sa anti-trust.
Hindi ka dapat magbahagi ng impormasyong komersiyal na sensitibo sa mga kakompitensiya mo at ng Reckitt hinggil sa iyong mga tuntunin sa pakikipagkalakan sa amin, gaya ng presyo, gastos, supply ng produkto, pangkasalukuyan o panghinaharap na marketing o iba pang komersiyal na estratehiya.
Hindi mo dapat subukang iligal na impluwensyahan ang mga lehitimong aktibidad ng iyong mga kakumpitensya.

## Sumunod sa mga Sanction

Dapat kang sumunod sa lahat ng naaangkop na batas o regulasyon sa mga bansa kung saan ka nag-o-operate may kaugnayan sa mga kontrol sa pag-export, mga paghihigpit sa kalakalan o embargo, kalakalan, pang-ekonomiya o pinansiyal na sanction na naghihigpit sa ilang partikular na aktibidad kasama o sa loob ng ilang partikular na bansa, entity, o indibidwal sa buong mundo. Kung nalaman mo, o pinaghihinalaan mo, ang isang paglabag sa mga sanction, dapat mong iulat ang mga ito sa Reckitt kaagad.

## Kumilos nang Responsable sa ating mga Shareholder at sa Publiko

Maaari kang makakuha ng access sa hindi nai-publish na panloob na impormasyon na may kaugnayan sa Reckitt, aming mga operasyon, aming mga customer, mga supplier o mga kasosyo sa negosyo. Ang inside information ay impormasyong may kinalaman nang direkta o hindi direkta sa Reckitt o sa anumang security ng Reckitt; hindi naisapubliko; at posibleng makaapekto sa presyo ng mga security ng kumpanya kung maisasapubliko. Hindi namin kinukunsinti ang pagsisiwalat o pakikipagkalakalan sa mga security ng Reckitt kapag may hawak na inside information. Dapat kang sumunod sa mga batas sa pakikitungo sa insider at sa mga security sa lahat ng pagkakataon. Mahigpit kang ipinagbabawal na gamitin ang naturang impormasyon para sa iyong mga personal na benepisyo o ibunyag ito sa ibang tao, kabilang ang pamilya at mga kaibigan. Pinagbabawalan ka ring gumamit ng inside knowledge upang makipagkalakalan sa mga security ng Reckitt.

---

2 Ang money laundering ay tinukoy bilang ang pagpapalitan ng pera o mga ari-arian na nakuha sa kriminal na paraan para sa pera o iba pang mga ari-arian na 'malinis'. Kasama rin dito ang perang ginagamit upang pondohan ang terorismo, paano man ito nakuha.
3 Ang pag-iwas sa buwis ay ang ilegal na hindi pagbabayad o kulang sa pagbabayad ng buwis. Kasama rito ang pagkabigong pigilan ang pagpapadali ng krimeng tax evasion.
4 Ang pagpopondo sa terorista ay ang pagtulong na pondohan ang terorismo.

## Pagpapanatili ng mga Tumpak na Rekord

Dapat mong idokumento nang maayos at tapat ang iyong mga transaksyon at panatilihin ang mga tumpak na aklat at talaan tungkol sa iyong mga aktibidad sa negosyo, nang walang palsipikasyon o maling representasyon, bilang pagsunod sa lahat ng naaangkop na Batas at mga prinsipyo ng accounting. Inaasahan kang gumawa ng angkop na dokumentasyong available sa Reckitt, pati na rin sa mga tagapagsiyasat o ahensiyang tagapagpatupad ng batas, para sa inspeksiyon sa panahon ng mga pag-audit, pagsisiyasat kung kinakailangan bilang pagtugon sa mga paghiling ng data.

## Paggalang sa Karapatang Pantao

Ang mga karapatang pantao ay isang unibersal na pangangailangan.  Kami ay nakatuon sa paggalang sa pangunahing karapatang pantao na tinukoy sa UN Universal Declaration of Human Rights at sa pagtataguyod ng mga prinsipyo ng kawalan ng diskriminasyon, pagsupil sa pagpapatrabaho sa mga bata at sapilitang paggawa, mga karapatan sa collective bargaining at freedom of association na nakalagay sa Declaration on Fundamental Principles and Rights at Work ng International Labour Organisation tulad ng nakabalangkas dito, at tugunan ang aming mga kinakailangan para sa Sourcing for Sustainable Growth Policy, at Labour and Human Rights Standard. Hinihiling namin sa iyo na itaguyod ang mga karapatang pantao at:

- Patas na bayaran ang mga tauhan para sa kanilang trabaho, kabilang ang pinakamababang sahod, oras ng overtime at mga ipinag-uutos na benepisyo, na nakakatugon sa hindi bababa sa pinakamababang legal na kinakailangan
- Tiyakin na ang mga manggagawa ay may karapatan sa mga pahinga, limitadong oras ng pagtatrabaho at bayad na bakasyon, alinsunod sa mga lokal na Batas.
- Huwag magpatrabaho kailanman nang sapilitan o ng mga bata. Ang lahat ng manggagawa ay mas matanda dapat sa 15 taong gulang o sa legal na pinakabatang edad para sa pagtatrabaho sa lokal na hurisdiksiyon, alinman ang mas matanda.

Naninindigan kaming supilin ang modern slavery o makabagong pang-aalipin sa aming supply chain at dahil dito, inaasahan ding hindi mo kukunsintihin ang pang-aalipin, pang-aalila, sapilitang paggawa at human trafficking.

## Pangangalaga sa Ating Planeta

Naninindigan kaming bawasan ang epekto sa kapaligiran ng aming mga produkto at operasyon at inaasahan namin na ganito rin ang gagawin ng aming mga Third Party. Dapat kang sumunod sa lahat ng angkop na pangkapaligirang batas, sundin ang Sourcing for Sustainable Growth Policy , Environmental Protection Standard, Sourcing Forrest Commodities, Palm Oil Grievance Procedure at ang Natural Raw Materials Sourcing Standard, at ilaan ang mga kinakailangang yaman o mapagkukunan upang magpatupad ng mga sistema, kontrol at pamamaraan upang mabawasan ang epekto sa kapaligiran ng mga ito nang tuloy-tuloy.

# Suporta para sa mga Third Party

Maaari naming talikuran ang mga partikular na kinakailangan ng Code na ito sa mga espesyal na pangyayari (ibig sabihin, kapag mayroon kang isang malinaw na malakas na programa sa pagsunod, o kapag ang iyong Code ay itinuring na naglalaman ng katumbas o mas mahigpit na mga probisyon kaysa sa mga pinagtibay namin sa Reckitt). Ang mga nasabing desisyon ay dapat aprobahan sa sulat ng aming Legal team.

Matataas ang pamantayang hinihiling namin sa iyo, pero kinikilala rin namin na may responsibilidad kaming tulungan kang ipatupad at mapanatili ang mga pamantayang iyon. Kaya naman ginawa naming available sa iyo ang pagsasanay sa nilalaman nitong Code of Conduct pati na rin ang pagsasanay na tukoy sa tungkulin para sa aming mga tagapamagitan. Handa ang aming team na tumugon sa inyo, sakaling may tanong o kailangan ng suporta.

# Kasaysayan ng Pagbabago at Pag-aproba

## Mga Rebisyon

| Inisyu / Nirebisa | Bersiyon | Petsa ng Bisa | Buod ng mga Pangunahing Pagbabago |
|---|---|---|---|
| 1 | 1 | Abril 2021 | Pag-update ng Third Party Code of Conduct para sumangguni sa bagong Compass ng Reckitt at para isama ang mga probisyon sa Anti-Counterfeiting. |
| 2 | 2 | Marso 2025 | Pag-update sa Third Party Code of Conduct upang paikliin ito at makapagsama ng mga sanggunian sa mga updated na Patakaran, Pamamaraan at mga dapat makaugnayan. |

## Kasaysayan ng Pag-aproba

| Tungkulin | Pangalan | Titulo | Petsa ng Pag-aproba |
|---|---|---|---|
| **May-akda** | Ariadna Grañena | Ethics & Compliance Director | n/a |
| **May-ari** | Geoffroy Ribadeau Dumas | Chief Ethics and Compliance Officer & SVP Legal | n/a |
| **Tagapag-aproba** | Kris Licht | Chief Executive Officer | 18.03 |
| **Tagapag-aproba** | Cathy O'Rourke | Kalihim ng Kumpanya ng Grupo | 18.03 |
| **Tagapag-aproba** | Ranjay Radhakrishnan | Chief HR Officer | 18.03 |
| **Tagapag-aproba** | Shannon Eisenhardt | CFO ng Grupo | 18.03 |
| **Tagapag-aproba** | Harald Emberger | Chief Supply Officer | 18.03 |
| **Tagapag-aproba** | Angela Naef | Chief R&D Officer | 18.03 |
| **Tagapag-aproba** | Ryan Dullea | Chief Category Growth Officer | 18.03 |
| **Tagapag-aproba** | Jérôme Lemaire | President North America | 18.03 |
| **Tagapag-aproba** | Susan Sholtis | President Head Johnson Nutrition | 18.03 |
| **Tagapag-aproba** | Eric Gilliot | President Europe | 18.03 |
| **Tagapag-aproba** | Nitish Kapoor | President Emerging Markets | 18.03 |
| **Tagapag-aproba** | Sheila Redzepi | Chief Communications and Corporate Affairs Officer | 18.03 |